
2

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagpapahayag ng Sariling Ideya, Damdamin, at Reaksiyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Filipino 2_ Module 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagpapahayag ng Sariling Ideya, Damdamin, at Reaksiyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng modyul na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Arceli V. Balmeo |
| **Editor:** | Cristina S. Chioco, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Arnold S. Galvez, Mark G. Asuncion |
| **Tagaguhit:** | Rodelito I. Facun Jr. |
| **Tagalapat:** | Karl Edrian Abendaño, Leomel B. Ledda |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan, Cristina S. Chioco |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _______________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)

Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagpapapahayag ng Sariling Ideya, Damdamin, at Reaksiyon

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Magandang araw muli sa iyo kaibigan! Alam kong handang-handa ka na sa ating panibagong aralin.

Sa tulong at gabay ng iyong tagapagturo, aalamin natin ang tungkol sa pagpapahayag ng sariling ideya, damdamin at reaksiyon.

Sa araling ito, inaasahang makakamit mo ang kasanayan na:

- Makapagpapahayag ng iyong sariling ideya, damdamin at reaksiyon tungkol sa napakinggan o nabasang kuwento, alamat, tugma, tula, at tekstong pang impormasyon. (F2PS-Ig-6.1, F2PS-IIb-1).

Handa ka na ba kaibigan? Tara! Simulan mo nang pag-aralan ang modyul 6.

## Subukin

Kaibigan, subukin muna natin ang iyong kakayahan! Sa tulong ng iyong tagapagturo, ipabasa ang kasunod na balita tungkol sa COVID-19. Pakinggan at unawain itong mabuti.

Handa ka na ba?

Simulan na natin!

Sa tulong ng iyong tagapagturo, aalamin natin kung nakuha mo ang tamang kasagutan. Kung hindi naman, huwag kang mag-alala dahil narito naman ako upang tulungan ka. Handa ka na ba? Tara, simulan na natin.

**Panuto**: Basahin ang kasunod na balita. Alamin kung ideya, damdamin, o reaksiyon ang pangungusap sa bawat bilang. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.



### Ano ang Covid-19?

Ang Covid-19 ay isang klase ng **virus** na nagdudulot ng lagnat, at sa ilang kaso, ay nagiging sanhi ng malalang sakit sa baga o paghinga o tinatawag na **SARS.**

Madalas maging sintomas ng mga **viral infection** na ganito ang pagkakaroon ng mataas na temperatura ng katawan, pagkakasakit ng katawan, **sore throat** at malalang sipon at pag-ubo. Sa halos lahat ng kaso, tumatagal ito ng ilang araw bago mawala.

Nakikipagtulungan na ang Kagawaran ng Kalusugan sa **World Health Organization (WHO)** upang matuklasan ang lunas sa virus na ito.

1. Ang Covid-19 ay nakahahawang sakit.
   A. damdamin
   B. ideya
   C. reaksiyon
2. Umisip agad ng gamot ang World Health Organization upang malunasan ito.
   A. damdamin
   B. ideya
   C. reaksiyon
3. Kapag naagapan ang pagkalat ng virus, matutuwa ang lahat.
   A. damdamin
   B. ideya
   C. reaksiyon
4. Ang Covid 19 ay may mga sintomas gaya ng ubo, sipon, sore throat, at pananakit ng katawan.
   A. damdamin
   B. ideya
   C. reaksiyon
5. Magkaroon ng disiplina ang bawat isa at magiging maayos ang lahat.
   A. damdamin
   B. ideya
   C. reaksiyon

# Aralin 1 — Pagpapahayag ng Sariling Ideya, Damdamin at Reaksiyon

Ang pagpapahayag ay ang pagbibigay ng nasasaloob ng isang tao. Maaaring ito ay kaalaman o paniniwala. Ang mga halimbawa nito ay ang ideya, damdamin at reaksiyon.

## *Balikan*

**Panuto**: Basahin at unawain ang maikling kuwento.

### Mabuti na Lang!

ni Arceli Velasquez-Balmeo

Nasa ikalawang baitang na si Christian ngayong pasukan. Nakapag online enrollment na rin siya. Natutuwa si Christian sapagkat makikita niya ulit ang dating mga kaklase. Subalit nabalitaan niya na bawal pa rin ang **face-to-face**.

"Nanay paano po ang gagawin ko? Hindi po pala papapasukin ang mga bata sa paaralan?" tanong ni Christian, habang nasa kusina sila ng kaniyang nanay.



“Alam mo anak hindi man kayo papasok sa paaralan ay may inihandang programa ang gobyerno para patuloy pa rin na makapg-aral ang mga batang tulad mo.” Sagot ni Aling Trining. “Tulad na lang ng pagbibigay ng mga modyul na sasagutan ng mga bata. Siyempre kaagapay kaming magulang para matulungan kayo,” dagdag pa nito.

Ah! Kaya pala isa si Ma’am Arceli sa sumusulat ng mga modyul. Mabuti na lang! Marami ang nagtutulong tulong at gumagawa ng paraan para matulungan kami!” manghang wika niya.

Panuto: Basahin at sagutin ang kasunod na mga katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
2. Anong damdamin ang naramdaman ni Christian?
3. Ano ang naging suliranin sa kuwento?
4. Paano nasolusyunan ang kaniyang suliranin?
5. Saan naganap ang kuwento?

## Tuklasin

Ang **ideya** ay anumang pananaw o kuro-kuro na nangyayari sa isip bunga ng pag-unawa sa narinig o nabasa. Ang **damdamin** ay ang nararamdaman ng isang tao sa tuwing may naririnig, nababasa o nakikitang isang pangyayari. Samantala, ang **reaksiyon** ay pagbibigay ng hatol o pasiya sa kawastuhan at kahusayan ng isang napakinggan o nabasa.

**Panuto**: Basahin ang maikling kuwento sa tulong ng iyong tagapagturo. Makinig at unawaing mabuti at kuwento. Pagkatapos, sagutin ang kasunod na mga katanungan.



### Madali Lang Pala

Akda ni Arceli V. Balmeo

Isang hapon, sa loob ng silid-aralan ay masayang nagtuturo si Gng. Valdez sa kaniyang mga estudyante, kabilang si Jojo. Bago matapos ang klase ay pinag-uusapan nila kung paano gawin ang kanilang proyektong mangangailangan ng pananaliksik o **research**. Napansin ni Gng. Valdez na parang gustong magtanong ni Jojo kaya inunahan na niya ito.

"Madali kayong makapagri-**research** lalo na kung may **cellphone** ka, Jojo", sabi ni G. Valdez.

"Mayroon naman po. Ineragalo po sa akin ng nanay ko noong huling kaarawan ko. Kaya lang po ay pinag-aaralan ko pa kung paano ito gamitin." sagot ni Jojo.

Ipinakita ni Gng. Valdez ang kaniyang cellphone kay Jojo. Itinuro niya rito kung paano ito gamitin lalo na sa pagri-research upang higit nitong maintindihan ang kaniyang sinasabi.

"Ah! Akala ko po kasi ay mahirap mag-**search** *sa* **Google**", nakangiting wika ni Jojo. "Marami pong salamat Ma'am", dagdag pa nito.


"Walang anuman", tugon ni Gng. Valdez.

**Panuto**: Basahin ang sumusunod na mga tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang ideya mo sa kuwento?
   A. Bumili ng bagong cellpnone.
   B. Laging gamitin ang cellphone.
   C. Hindi kailangan ang cellphone.
   D. Ang kahalagahan ng cellphone.
2. Ano ang naging damdamin mo sa kuwento?
   A. malungkot
   B. masaya
   C. nagulat
   D. naiinis
3. Ano ang nagging reaksiyon mo sa kuwento?
   A. Mahirap tumulong sa kapwa.
   B. Hindi tinutulungan ang kapwa.
   C. Masama ang tumulong sa kapwa.
   D. Mahalaga ang tumulong sa kapwa.

# Suriin

**Panuto**: Basahin ang tula sa tulong ng iyong tagapagturo. Makinig at unawaing mabuti ang tula. Pagkatapos, sagutin ang kasunod na mga katanungan.



### Kumain ng Gulay

ni Arceli Velasquez- Balmeo

Pagkain ng gulay ay hindi ko hilig.
Tulad ng ampalayang pagkapait-pait.
"Bakit ba Inay ako'y pinipilit?"
Kapag tinikman ko ako'y namimilipit.

Dapat anak, gulay ay iyong tikman,
Upang paglaki mo ay iyong malaman.
Gulay na ayaw mo sa hapag-kainan.
Masustansiya pala, pero hindi mo alam."

"Sige po Inay ko, gulay ay kakanin.
Dapat lang na payo mo'y laging susundin.
Gulay na masustansiya'y aking kakainin.
Upang mapabuti kalusugan namin.

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang ideya mo sa tula?
   A. Ang berdeng gulay.
   B. Ang pagkain ng gulay.
   C. Ang masustasiyang gulay.
   D. Ang gulay ay may bitamina.
2. Ano ang damdamin mo sa tula?
   A. malungkot
   B. nagulat
   C. naiinis
   D. natutuwa
3. Ano ang reaksiyon mo sa tula?
   A. Masarap kainin ang ampalaya.
   B. Mainam sa katawan ang gulay.
   C. Lulusog kapag iniwasan ang gulay.
   D. Masama ang dulot sa katawanng pagkain ng gulay.


*Mga Tala para sa Tagapagdaloy*

Ipaliwanag nang mabuti ang nasa bahaging **Suriin**. Magbigay ng iba pang halimbawa. Pagbigayin rin ng halimbawa ang mag-aaral. Pagkatapos, ipagawa ang kasunod na mga pagsasanay o gawain.

## Pagyamanin

### Pinatnubayang Pagsasanay 1

**Panuto**: Basahin ang tula sa tulong ng iyong tagapagturo. Makinig at unawaing mabuti ang tula. Pagkatapos, sagutin ang kasunod na mga katanungan.



### Ang Mag-Anak

ni Arceli Velasquez-Balmeo

Si Ama ang haligi ng tahanan,
Tunay na maraming alam,
Sa trabaho at pag-ayos ng kasangkapan,
Bakod, upuan at kahit sirang hagdan.

Ilaw naman ang aming nanay,
'Yan ang turing at tunay na tunay,
Pag-aalaga sa mga anak na walang humpay,
Kahit pa buhay n'ya sa ami'y ibibigay.

Mga bituin kung kami'y ituring,
Kaming mga anak ang nagbibigay ningning,
Pagod sa trabaho kung magulang ay dumating,
Isang halik lang namin sila'y gumagaling.

1. Ano ang ideya mo sa tula?
    A. Magulo ang pamilya.
    B. Importante ang pamilya.
    C. Hiwa-hiwalay ang pamilya.
    D. Hindi mahalaga ang pamilya.
2. Ano ang damdamin mo sa tula?
    A. malungkot
    B. masaya
    C. nabigla
    D. nagulat
3. Ano ang reaksiyon mo sa tula?
    A. Ipagmalaki si tatay.
    B. Mahalin mo pamilya mo.
    C. Igalang ang bawat kasapi.
    D. Tulong-tulong ang mag-anak.

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

**Panuto**: Pakinggan/Basahin at unawain ang kasunod na tugma. Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Puti ang sampaguita.
   Dilaw ang tsampaka.
   Pula ang gumamela.
   Lahat ay magaganda.



   Ano ang iyong naging damdamin sa tugma?

   ______________________________


2. Ako si sepilyo.
Kaibigan ninyo.
Pinatitibay ko,
mga ngipin ninyo.



Ano ang iyong ideya sa tugma?

______________________________________

3. Tingnan mo tingnan mo,
ang pulis trapiko.
Nakasisiyang malasin
Senyas niya ay sundin.



Ano ang iyong reaksiyon sa tugma?

______________________________________

4. Ang bunsong si Neneng,
tuwa naming lahat.
Kapag humahalakhak,
kami'y nagagalak.



Ano ang iyong damdamin sa tugma?

______________________________________

5. Ako ay si Piyo.
Mahilig sa repolyo.
Kahit ako ay may polyo.
Masayahing bata ako.



Ano ang iyong damdamin sa tugma?

______________________________________

## Pinatnubayang Pagtatasa 2


**Panuto:** Pakinggan/Basahin at unawain ang kasunod na tugma. Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Mga paruparo sa bulaklak
   na mabango,
   Dumadapo-rapo
   sa aking ulo.



   Ano ang iyong damdamin sa tugma?

2. Pagsabi ng po at opo,
   Ang sabi ni ama,
   Ay dapat sabihi't isapuso
   Sa tuwi-tuwi na.



   Ano ang iyong ideya sa tugma?

3. Santo Niño sa Pandacan.
   Puto seko sa tindahan.
   Kung ayaw mong magpautang,
   uubusin ka ng langgam.




   Ano ang iyong reaksiyon sa tugma?

4. Aanhin pa ang gasolina
Kung dyip ko ay sira na.



Ano ang iyong damdamin sa tugma?


5. Gaya, gaya puto maya.
Nakapulot ng isang pera.
Ibinigay sa asawa.
Ibinili ng isang saya.



Ano ang iyong damdamin sa tugma?

## Malayang Pagsasanay 1

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na teksto. Ipahayag ang iyong sariling ideya, damdamin, o reaksiyon tungkol dito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Ilan sa magagandang ugali ng mga Pilipino ang pagiging mabait at magalang. Kapag nagbilin sa atin ang ating magulang dapat natin itong tandaan. Kung tayo ay may kausap na mas matanda, dapat silang igalang. Gayundin, ‘pag may nakasasalubong sa daan, bumati ng magandang umaga, tanghali, at gabi man. Tayong mga Pilipino ay nagpapaalam kung tayo’y aalis o may pupuntahan. Sori po kung nakasasakit at Nakikiraan, kapag madadaan sa nag-uusap. Ang mga Pilipino nga ay tunay na magagalang.

1. Ideya: ______________________________
2. Damdamin: ___________________________
3. Reaksiyon: ___________________________

## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Basahin at unawain ang kasunod na teksto. Ipahayag ang iyong sariling ideya, damdamin, o reaksiyon tungkol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Sadyang mapagmahal ang mga tao sa mga alaga nilang hayop, lalo na kung ito ay aso. Tapat na alaga ito ng tao. Matiyaga itong nagbabantay ng bahay. Kaagad itong tumatahol kapag may ibang taong pumasok sa bahay ng kaniyang amo. Sabi nga ng matatanda, sinasagip ng aso ang buhay ng mga taong mahal nito.

1. Ideya: ______________________________
2. Damdamin: ___________________________
3. Reaksiyon: ___________________________

## Malayang Pagsasanay 2

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na teksto. Ipahayag ang iyong sariling ideya, damdamin, o reaksiyon tungkol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Pinupuri ang mga Pilipino sa pagkakaroon ng masayang pamilya. Damang-dama sa pamilyang Pilipino ang pagmamahal ng magulang sa mga anak, gayundin ng mga anak sa magulang. Kahit nga matatanda na ang lolo't lola natin ay gustong-gusto pa rin natin silang nakakasama.

1. Ideya: ___________________________________________
2. Damdamin: _______________________________________
3. Reaksiyon: _______________________________________

## Malayang Pagtatasa 2

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na tula. Ipahayag ang iyong ideya, damdamin at reaksiyon tungkol dito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

### Ang Kalabaw

ni Arceli V. Balmeo

I

Tatang ay may alaga,
kalabaw na mataba,
Kulay itim ang balat.
Ang sungay ay unat.

Pagkatapos gumawa,
Kaniya itong isinusuga,
Siguradong busog,
Kung ito'y uuwi na.

Kalabaw ni Tatang,
malaki ang tulong,
Sa aming pamilya,
Na ubod ng saya.

1. Ideya: ___________________________________________
2. Damdamin: _______________________________________
3. Reaksiyon: _______________________________________



## Isaisip

**Panuto**: Piliin sa loob ng kahon ang sagot sa mga patlang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


| | | |
|---|---|---|
| damdamin | reaksiyon | |
| ideya | pasiya | nabasa |

Ang 1) ________ ay anumang pananaw o kuro-kuro na nangyayari sa isip bunga ng pag-unawa sa narinig o 2) ________. Ang 3) ________ ay ang nararamdaman ng isang tao sa tuwing may naririnig, nababasa o nakikitang isang pangyayari. Samantala, ang 4) ________ ay pagbibigay ng hatol o 5) ________ sa kawastuhan at kahusayan ng isang napakinggan o nabasa.

## Isagawa

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na alamat. Ipahayag ang iyong sariling ideya, damdamin at reaksiyon tungkol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

### Ang Alamat ng Makahiya



Ang mag-asawang Mang Dodong at Aling Iska ay mayaman at may isang anak, si Maria. Mahal na mahal nila ito na may labindalawang taong gulang pa lamang. Napakabait at masunuring bata ni Maria, ngunit napakamahiyain. Halos ayaw niyang makipag-usap sa ibang tao. Madalas ay nagkukulong siya sa kaniyang kuwarto para lamang makaiwas sa mga tao. Ang tanging libangan niya ay ang kaniyang halamanan na maraming magagandang bulaklak. Hinahangaan ito sa kanilang bayan.

Isang araw, pinasok ng masasamang tao ang bayan nina Maria. Itinago ng mag-asawa sa halamanan si Maria upang hindi ito mapahamak. Gayon pa man, hindi rin nakaligtas ang mag-asawa sa pananakit ng masasamang tao. Salamat na lamang at nawalan lamang sila ng malay at hindi napahamak.

Nang matauhan sina Mang Dodong at Aling Iska ay agad nilang hinanap si Maria sa kanilang pinagtaguan. Subalit hindi nila ito nakita. Matinding kalungkutan ang kanilang naramdaman, lalo na si Aling Iska na walang tigil sa kaiiyak. Walang ano-ano'y biglang may sumundot sa paa ni Mang Dodong. Nakita nila ang isang halamang mabilis na tumikom sa bawat patak ng luha ni Aling Iska. May bulaklak itong maliit at bilog na kulay rosas. Inisip na lang nila na iyon ay si Maria na ginawang halaman ng Diyos upang hindi ito mapahamak.

Mula noon, ang halaman ay inalagaang mabuti ng mag-asawa sa paniniwala na ito ang kanilang anak. Tinawag nila itong Makahiya, tulad ng isang katangian ni Maria.

1. Ideya: ____________________________________________
2. Damdamin: _________________________________________
3. Reaksiyon: _________________________________________

## *Tayahin*

Panuto: Basahin at unawain ang kasunod na alamat. Ipahayag ang iyong sariling ideya, damdamin at reaksiyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


### Ang Alamat ng Pinatubo

May isang Datu sa Kaharian ng Masindok. Minsan kinausap siya ng isa sa mga Konseho ng Matatanda, si Tandang Limay kung bakit siya ay malungkot.

Ikinuwento ng datu ang kaniyang kabataan kung saan sa bundok na kaniyang kinalakihan ay doon siya

nangangaso, namamana at nakahuhuli ng baboy-ramo para sa pagkain ng kaniyang pamilya.

Kilalang-kilala ang Datu noong kabataan niya sa ganitong gawain. Ngunit ngayon siya ay mahina na at wala na ring lakas.



Naging usap-usapan sa buong kaharian ang suliranin ng datu. Samantala, isang matandang salamangkero ang nagkakagusto sa prinsesa ng Masinlok, si Prinsesa Alindaya. Subalit ayaw ng prinsesa rito. Nakipagkasundo ang datu sa salamangkero na kung mabibigyan nito ng solusyon ang kaniyang suliranin ay ipapakasal n'ya ang prinsesa rito. Sinabi ng salamangkero na magpapatubo siya sa kapatagan ng Masinlok ng bundok na malapit sa palasyo upang ang datu ay muling makapangaso.

Isang batong mutya ang ibinaon ng salamangkero. Di nagtagal ay tumaas at lumaki ito hanggang naging isang bundok. Dahil dito, kailangang ipakasal ng datu si Prinsesa Alindaya sa salamangkero. Subalit hindi ito nangyari sapagkat nagkasakit ang prinsesa. Sa sama ng loob ay hindi napansin ng salamangkero na palaki na pala nang palaki ang bundok na kaniyang pinatubo. Marami na ang naperhuwisyo, kaya binawian ng buhay ang salamangkero pero patuloy pa rin ito sa pagtubo.

Nabalitaan ito ni Prinsipe Malakas mula sa Pangasinan na may taglay na kakaibang lakas. Binunot niya ang pinatubo ng salamangkero na parang isang maliit na punong-kahoy lamang. Dahil sa pagkabighani sa isa't isa sina Prinsipe Malakas at Prinsesa Alindaya ay nagpakasal na rin sila.

Mula noon ay muling bumalik ang saya sa kaharian. Samantala ang guwang na nilikha ng pagkakabunot ng puno ay naging isang lawa. Buhat noon tinawag itong "Lawa ni Alindaya" dahil sa kagandahan na naging dahilan nang pagkakaroon ng Bundok na Pinatubo.

1. Ideya: ______________________________
2. Damdamin: ______________________________
3. Reaksiyon: ______________________________

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Makinig o magbasa ng alinman sa sumusunod: kuwento, alamat o tula. Ipahayag ang iyong sariling ideya, damdamin at reaksiyon tungkol dito. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Ideya: ______________________________
2. Damdamin: ______________________________
3. Reaksiyon: ______________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Isaisip**
1. ideya
2. nabasa
3. damdamin
4. reaksiyon
5. pasiya

**Tayahin**

1. Ideya: Ang pagkakaroon ng Bundok Pinatubo
2. Damdamin: saya, lungkot, takot, at nakakamangha
3. Reaksiyon: Dapat tumupad sa pangako

**Isagawa**

1. Ideya: Ang pinagmulan ng Makahiya
2. Damdamin: may saya, inis, takot at lungkot
3. Reaksiyon: Huwag magingn matapobre

**Malayang Pagsasanay 1**
(Posibleng sagot)
1.Ideya: Kaugalian ng mga Pilipino
2. Damdamin: Masaya
3.Reaksiyon: Maging magalang at marespeto

**Malayang Pagtatasa 1**
(Posibleng sagot)
1. Ideya: Matapat na aso
2. Damdamin: Masaya
3. Reaksiyon: Maging tapat

**Malayang Pagsasanay 2**
(Posibleng sagot)
1. Ideya: Masayang bpamilya
2. Damdamin: Mapagmahal
3. Reaksiyon: Ang masayang pamilya ay matagal ang pagsasama.

**Malayang Pagtatasa 3**
(Posibleng sagot)
4. Ideya: Katangian ng kalabaw
5. Damdamin: MaMasaya
6. Reaksiyon: Mag-alaga ng kalabaw

**Pagyamanin**

**Pinatnubayang Pagsasanay 1**
1. B
2. B
3. B

**Pinatnubayang Pagtatasa 1**
(Posibleng sagot)
1. Masaya ang paligid kapg may bulaklak.
2. Tamang paggamit ng sipilyo.
3. Sumunod sa pinag-uutos ng batas.
4. Nagbibigay ng saya sa lahat.
5. Nakakaawa si Piyo

**Pinatnubayang Pagtatasa 2**
(Posibleng sagot)
1. Daamdamin: malungkot
2. Ideya: Hindi ngunit mataba ay mabigat ang dal at yung mapayat ay magaan.
3. Reaksiyon: Huwag maging maramot
4. Damdamin: Nakatutuwa
5. Damdamin: masaya

**Suriin**

1. C
2. D
3. B

**Tuklasin**

1. D
2. B
3. D

**Balikan**

1. Christian
2. Nag-aalala
3. Kung paano matutulungan ang mga bata sa pag-aaral.
4. Magbibigay ng Modyul sa mga mag-aaral
4. Sa mkusina

**Subukin**

1. B
2. C
3. A
4. B
5. C

# *Sanggunian*

"Alamat Ng Bulkang Pinatubo". 2020. Blog. Wikakids Free Education for Every Juan. https://www.wikakids.com/filipino/alamat/alamat-ng-bulkang-pinatubo/.

"Alamat Ng Makahiya English & Filipino Version". 2018. Blog. Mga Kuwentong Pilipino Para Sa Buong Mundo. Date accessed June 30, 2020. http://kuwentongpilipino.blogspot.com/2018/02/alamat-ng-makahiya-english-filipino.html.

DepEd Order No 30, s. 2019. 2020. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Garcia, Nilda, et.al. 2013. Ang Bagong Batang Pinoy 2. 1st ed. Pasig City: DepEd-IMCS.

Mimay, Dekzie Flores. 2020. "Mga Halimbawa Ng Tugmang Bayan 1". Scribd. June 30, 2020. https://www.scribd.com/document/351587328/Mga-Halimbawa-Ng-Tugmang-Bayan-1.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph